

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 27: Pakikinig at Pakikisali sa Isang Usapan nang Angkop at Wasto



MTB – Unang Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 27: Pagkilala sa Pangngalang Pantangi.
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Crisanta S. Nanalis
Editor:	Belinda R. Matias, Jun-Jun R. Ramos, Evelyn A. Saladino
Tagasuri:	James D. Pamittan, Mark-Jhon R. Prestoza
Tagalapat:	Armida P. Dela Cruz
Tagapamahala:	Benjamin D. Paragas Jessie L. Amin Octavio V. Cabasag Rizalino G. Caronan James D. Pamittan Rodrigo V. Pascua Marietess B. Baquiran Maria Cristina A. Acosta Maria Geraldine G. Lastra- Bermudez

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region II

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 27:
Pakikinig at Pakikisali sa Isang
Usapan nang Angkop at
Wasto

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay ginawa para sa batang katulad mo na nasa unang baitang upang malaman at matutuhan ang pakikinig at pagsali sa isang usapan nang angkop at tama. Ang mga gawaing matatagpuan sa modyul na ito ay inaasahang makatutulong sa iyo upang makapakinig at makasali sa isang usapan nang angkop at tama.

Ang modyul na ito ay tumutugon sa:

- Pakikinig at pakikisali sa isang usapan nang angkop at tama

Pagkatapos ng mga gawain sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Makikinig ,makasasali at makatutugon sa isang usapan



Subukin

Gawain 1

Pakinggan ang balita mula sa radyo na babasahin ng magulang at sagutin ang sumusunod na tanong pagkatapos.



Kalusugan ay Ingatan!

Ang taong bayan ay lubos na pinag-iingat at pinapayuhang manatili sa kani-kanilang tahanan upang makaiwas sa pagkahawa ng nakamamatay na sakit na "Coronavirus."

1. Sino ang pinag-iingat?

2. Anong dapat gawin ng bawat isa?

3. Ano ang nakamamatay na sakit?

4. Ano ang mensahe ng napakinggan mula sa radyo?

Gawain 2


Tukuyin ang pinagmulan ng mga sumusunod na tunog. Isulat sa sagutang papel.



boom! boom! boom!



broom!broom!broom!



pok! pok! pok!



unga! unga! unga!



Balikan

Tukuyin at iguhit sa sagutang papel ang wastong tugon sa sitwasyon sa ibaba.

Sitwasyon:

Kasalukuyan ang klase ninyo nang biglang tumunog nang sunod-sunod ang kampana ng paaralan hudyat ito ng pagsasagawa ng.



Tuklasin

Laro-Bugtungan Tayo

Babasahin ng magulang ang bugtong.

Magulang : Bilog at tumatalbog. Ano ako?

Bata : _____

Magulang : Pinakamatalik na kaibigan ng tao. Ano ako?

Bata : _____

Magulang : Ako'y bolang bilog, mainit at nagbibigay liwanag sa mundo. Ano ako?

Bata : _____

Magulang : Dalawang bolang itim, malayo ang nararating?Ano ako?

Bata : _____

Magulang : Ako ay mataba, malaki at mahaba ang ilong. Ano ako?

Bata : _____




Suriin

Napakinggan mo bang mabuti ang mga binasa?
Nasubukan mo bang sumali sa usapan? Nasagot mo ba
ang mga tanong pagkatapos mong makinig?

Ano ang iyong naramdaman habang ikaw ay
gumagawa?

Ang pakikinig ay sadyang mahalaga. Ito ay upang
matugunan nang tama ang anumang katanungan
tungkol sa isang usapin. Kailangan ding makisali upang
maipahayag ang damdamin o saloobin tungkol sa isang
paksang pinag-uusapan.



Pagyamanin

Gawain 1

Pakinggan ang kwento na babasahin ng magulang.

Ang Batang Matapat

Si Roy ay isang batang matapat. Isang umaga, sa
kanyang paglalakad habang nagtitinda ng pandesal
nakapulot ito ng pitaka na naglalaman ng maraming
pera. Kapus man ang kanilang pamilya ay hindi niya
hinangad at dahil walang pagkakakilanlan kung kanino
ay minabuti niya itong dinala at isinauli sa kanilang
Kapitan. Naibalik ito sa may-ari at sa tuwa binigyan si Roy
ng pabuya.

Pagkatapos mapakinggan ay tukuyin ang pangyayaring naganap ayon sa pagkasunod-sunod.

Ang Batang Matapat


Unang Pangyayari	Sumunod Pangyayari	Huling Pangyayari

Gawain 2

Sa napakinggang kwento, sabihin kung ano ang dapat gayahin kay Roy?


Gawain 3

Pag-aralan ang usapan. Punan ng tamang mga salita ang pag-uusap sa telepono.



Hello
po...maari po
bang
makausap si

Ikaw
pala,
kumusta
ka na?





Isaisip

Laging tandaan na kailangang makinig nang mabuti upang makasali sa talakayan at makapagbigay ng angkop at tamang sagot sa mga katanungan. Ang pakikipagtalastasan ay kinakailangan upang mapaabot ang damdamin o saloobin ukol sa isang usapin na napakinggan. Narito din ang mga dapat isaalang-alang: makinig sa nagsasalita, bigyan ng diin ang tungkol sa pinag-uusapan at sikaping maunawaan ang tungkol sa usapin.



Isagawa

Pakinggan ang nanay at gawin ang sumusunod.

Pagsunod sa Panuto

Gumuhit ng isang kahon sa sagutang papel. Sa gitna ng kahon isulat ang COVID 19 sa malalaking letra pagkatapos ay lagyan ng ekis (X) ang naisulat na salita.



Tayahin

Pakinggan ang awit na bahay-kubo. Punan ng angkop na sagot ang bawat patlang. Isulat ito sa sagutang papel.

BAHAY KUBO

Bahay-kubo kahit munti.

Ang halaman doon

Ay _____

Singkamas at _____

Sigarilyas at mani_,

_____, _____, patani

Kundol _____, upo't kalabasa

At saka meron pa, _____ mustasa

Sibuyas, _____, bawang at _____

Sa paligid-ligid ay puno ng _____



Karagdagang Gawain

Sabihin ang palagiang bilin ni nanay upang makaiwas sa sakit na COVID-19.



Susi sa Pagwawasto

Subukin Gawain 1 1. Ang taong bayan 2. Manatili sa kanya-kanya 3. Corona virus bahay 4. Kalusugan/ ay ingatan/ lubos na pag-iingat	Balikan Larawan ng duck, cover and hold Tuklasin 1. Bola 2. Aso 3. Araw 4. Mata 5. Elepante	
Pagymanin Gawain 1 (Maaring alin man sa sumusunod) Unang Pangyayari naglalakad nakapulot ng pitaka Sumunod n Pangyayari Nakapulot ng pitaka	Gawain 2 Sariling sagot ng mga bata Gawain 3 1. Hello 2. _____ (Pangalan ng tao 3. Mabuti po naman	Isagawa Covid 19 (Sulatan ng X ang ibabaw ng salita Tayahin 1. sari-sari 2. talong 3. sitaw, 4. patola 5. labanos 6. kamatis, 7. luya

Sanggunian

Mother Tongue Based-Multilingual Education
Learner's Materials, 2019

Mother Tongue Based-Multilingual Education
Teacher's Guide, 2016

Department of Education. "K To 12 Most Essential Learning
Competencies With Corresponding CG Codes". Pasig
City: Department of Education Central Office, 2020

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpdpd@deped.gov.ph